Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagkilala sa pang-abay

Panuto: Sa bawat bilang, isulat sa patlang ang salitang **pang-uri** kung ang salitang may salungguhit ay ginagamit sa pangungusap bilang pang-uri. Isulat ang salitang **pang-abay** kung ito ay ginagamit bilang pang-abay.

1. _____ Magaling ang mang-aawit.

   _____ Magaling siyang umawit.

2. _____ Natulog nang matagal ang sanggol.

   _____ Matagal ang tulog ng sanggol.

3. _____ Matabang siya magtimpla ng kape.

   _____ Ang kapeng tinimpla niya ay matabang.

4. _____ Lumipad nang mataas ang ibon.

   _____ Mataas ang lipad ng ibon.

5. _____ Mahusay ang trabaho ni Daniel.

   _____ Mahusay magtrabaho si Daniel.

6. _____ Maingat si Joaquin habang nagmamaneho.

   _____ Si Joaquin ay maingat magmaneho.

7. _____ Masayang naglalaro ang magkakapatid.

   _____ Masaya ang laro ng magkakapatid.

8. _____ Madaling natutong maglangoy si Mike.

   _____ Ang paglalangoy ay madali para kay Mike.

9. _____ Malakas ang sigaw ng pulis.

   _____ Sumigaw nang malakas ang pulis.

10. _____ Tumakbo nang mabilis ang itim na aso.

    _____ Mabilis ang itim na aso.